**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s
REMARKS DURING THE VISIT TO THE DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT -
NATIONAL RESOURCE OPERATIONS CENTER**
Pasay City
July 18, 2025

[00:00:00]
Ito 'yung bagong makinarya na ginagamit natin para mapabilis at mapaganda ang ating pag-repack ng ating relief goods.

Kaya't kadalasan nakikita lang natin 'yung kahon-kahon, ito ngayon – ito ngayon 'yung laman nung mga iba't ibang health kits, sanitary kits, family dress kit, cooking, kitchen, lahat, ito 'yung binibigay natin para doon sa mga – doon sa mga naging biktima pagka nagkabagyo, nagka—kahit na anong klaseng disaster.

At 'yung tinesting namin, 'yun iyong balde na mayroong filter na kahit anong klaseng tubig, 'wag lang maalat, pero kahit na iba pa sa fresh water, kahit man hindi masyadong malinis, puwedeng ilagay sa balde, puwedeng inumin, idadaan lang doon sa filter na iyon.

Ang maganda dito sa bagong makinarya na ginagamit natin, mas mapapabilis at mas mapapaganda ang ating pag-packing ng mga relief goods para ibibigay natin sa ating mga evacuees, para sa mga naging biktima.

Ngayon ay tinatanong ko sa ating kalihim ng DSWD kung handa na tayo sa Crising, mukha namang ready na tayo.

Lahat ng warehouse ng DSWD lalo na dito sa Luzon especially up to Northern Luzon, although mayroon nang humingi ng tulong sa Region 7, mabuti na

lang may ganoon rin tayo sa Cebu. Ganyan na ganyan, na halos pareho na makinarya at sila'y ginagawa rin nila kaya't naka-ready naman tayo sa kung ano pang mangyayari.

Sana hindi na lumakas iyong bagyo, pero kung sakali eh lumakas pa eh naka-ready naman tayo. At ang report ng DSWD sa akin, sa ngayon ang naka-storage sa atin ay tatlong milyon na relief goods na-pack na puwede nating ibigay. So, siguro sapat naman 'iyon kung anong — kahit ano pang mangyari.

That is noong kami ay unang sinimulan namin ito, ang nakareserba lang para sa relief goods 500,000 na packs. Ngayon pinataas na namin, naging one million, naging two million, ngayon three million na.

Kaya't mabuti naman at kung ano man ang mangyari eh makakatulong tayo sa ating mga kababayan.

Sige, maraming salamat!

Thank you!

[00:02:33]

***

BAGONG PILIPINAS